# Mga Salik sa Pagkabigo ng Protestantismo na Lumaganap sa Pilipinas noong Panahon ng Kolonyalismong Amerikano[1]

Mark Joseph Pascua Santos
*College Instructor*
*Centro Escolar University*

Nang masakop ng Estados Unidos ang Pilipinas, dumating sa bansa ang isa pang uri ng Kristiyanismo na iba sa bitbit ng mga Espanyol – ang Protestantismo (na nagsimulang isilang noong ika-16 na dantaon sa Europa sa pamumuno nina Luther, Calvin, at Zwingli). Salaysay ni T. Valentino Sitoy (1989, iii, 7-11), 1899 unang dumating ang mga misyonerong Protestante sa Pilipinas, na kinabibilangan ng mga Presbyterian, Baptist, at Methodist. Kalaunan ay sinundan ito ng pagdating ng mga Episcopalian, Seventh-Day Adventist, United Brethren, Disciples, Christian and Missionary Alliance, at iba pa. Ilan sa mga ito ay nagsama-sama upang mabuo ang Evangelical Union. Hinati nila ang Pilipinas sa iba't ibang probinsya ng *mission fields* (tulad ng ginawa dati ng mga Heswita, Rekoletos, Augustino, Pransiskano, at Dominikano), upang hindi sila magkaagawan sa populasyon na babahaginan ng ebanghelyo.

Ngunit sa kabila ng mga pagsisikap, kumpara sa Katolisismo ay nabigo ang Protestantismo na lumaganap sa Pilipinas. Sa matagal na panahon ay nanatiling minorya ng kabuuang populasyon ng mga Pilipino ang mga Protestante. May ilang mga salik na makapagpapaliwanag ng kabiguang ito.

Isa sa mga pangunahing dahilan ng pagiging 'di-popular ng Protestantismo ay ang persepsyon dito ng mga tao bilang kasangkapan lamang ng imperyalismong Amerikano. Sa katunayan, ayon kay Kenton Clymer (1980, 29), malaki ang naitulong ng mga Protestanteng simbahan upang hikayatin ang taumbayan ng Estados Unidos na suportahan ang pananakop sa Pilipinas. Nagkaroon din sila ng impluwensya sa pagpapasya ng noo'y pangulo ng Estados Unidos na si William McKinley, na isang Methodist. Para sa ilang mga Protestanteng pastor, pananagutan ng Estados Unidos (i.e. *white man's burden*) bilang isang Protestanteng bansa na ipalaganap ang Protestantismo sa buong mundo. At unang hakbang tungo rito ay ang pananakop sa Pilipinas at pagdadala rito ng Protestantismo.

Ikalawa, na mahigpit na nakaugnay sa una, ay ang pag-usbong ng mga karibal na katutubong simbahan. Yamang katutubo, mas pinili ng ibang Pilipino na sumali sa mga ito dahil sa kanilang nasyonalistang imahe, taliwas sa imperyalistang imahe ng Protestantismo.

[1] Ang artikulong ito ay rebisadong bersyon ng ilang bahagi ng "Relihiyon sa Lipunang Pilipino: Isang Maikling Kasaysayan", isang lekturang inihanda ng may-akda para sa 'di-gradwadong kursong Religion: History and Text sa Centro Escolar University noong Unang Semestre ng 2021-2022.

© YAMAN 2022

Nangunguna na rito ang Iglesia Filipina Independiente (IFI) o mas nakilala ng ilan bilang "Aglipayan" dahil isa sa pangunahing nagtatag nito ay si Gregorio Aglipay (kasama si Isabelo de los Reyes). Naitatag ang simbahan noong 1902, dahil umano sa hindi nito pagtugon sa kanilang hiling na repormahin ang simbahan sa mga pang-aabuso nito, at bigyan ng mas malaking kapangyarihan ang mga Pilipinong pari kaysa sa mga banyaga. Paliwanag ni de los Reyes (1948, 132), karamihan ng katuruan nito ay katulad pa rin ng sa simbahang Katoliko, ngunit mayroon itong ilang pagkakaiba, tulad ng mga sumusunod: 1. Maaaring mag-asawa ang mga pari, 2. Iniiwasan ang pagsamba kay Maria, 3. Isinasagawa ang misa sa mga wikang lokal, at 4. Pagtanggal sa mahal na bayad sa simbahan sa pagsasagawa ng mga sakramento. Matindi ang diin ng IFI sa nasyonalismo, lalo pa dahil umusbong ito bunga ng Himagsikang Pilipino. Hindi rin ito nakapagtataka dahil si de los Reyes mismo ay isa sa mga miyembro ng Kilusang Propaganda noon sa Europa, habang si Gregorio Aglipay ay tagapagsulong ng sekularisasyon, at samakatuwid ay nakahanay sa tradisyon ng GOMBURZA. Ang ganitong diin sa nasyonalismo ay lantad na lantad sa kanilang isinagawang kanonisasyon kay Jose Rizal bilang isang santo noong 1903. Sa gitna ng sermon ng kanonisasyon, nagwika sila: "Kung mayroong santong puti, bakit hindi mga santong Pilipino? Sa pagkamatay dahil sa kanilang bayan, hindi ba karapat-dapat lamang silang ating inaalala ngayon?" Paglalahad ni Nilo Ocampo (2011, 51-54), sa isang simbahan nila sa Cagayan ay nagtayo sila dati ng isang rebulto na hugis arko, kung saan nakasakay ang mga bayani na sina Jose Rizal, Antonio Luna, Marcelo del Pilar, Mariano Gomez, Jose Burgos, Jacinto Zamora, at Graciano Lopez Jaena.

Isa pang karibal na katutubong simbahan na nagkaroon ng nasyonalistang imahe ay ang Iglesia ni Cristo (INC). Itinatag ito ni Felix Manalo noong 1913. Isang Romano Katoliko si Manalo na naging Protestante bilang kasapi ng Seventh-Day Adventist, bago tuluyang maging tagapagtatag ng INC. Nakilala ang INC sa pagiging disiplinado sa pagsasagawa ng mga tungkuling pangrelihiyon tulad ng pagdalo sa mga pagtitipon at pagbibigay ng ikapu. Sa kanyang artikulong "An Analysis of Religious Leadership in the Iglesia ni Kristo", ipinaliwanag ni Ma. Angeles C. Guanzon (1977, 128-130) ang organisasyunal na istruktura ng INC. Aniya, sentralisado ang daloy ng kapangyarihan ng pamunuan ng INC. Nasa sentro nito si Manalo (at ang mga sumunod na humalili sa kanya). Siya ang namumuno sa mga tagapamahala (*division ministers*). Ang mga tagapamahala naman ang namumuno sa mga ministro. Ang mga ministro ang direktang nagtuturo sa mga lokal na simbahan tuwing araw ng pagtitipon. Manggagawa naman o boluntaryo ang tawag sa mga nagsasagawa ng katekismo sa mga kasapi. Lalo pang naging nasyonalista ang imahe ng INC dahil sa pagsusulong nito ng wikang Filipino. Puro nasa wikang pambansa ang kanilang bokabularyong pangrelihiyon. Nariyan ang pagsagot ng "opo" at "siyanga po" bilang pamalit sa banyagang *amen*. "Pagbubulay-bulay" ang tawag sa meditasyon. "Kapatid" ang pantukoy sa mga kasamang kasapi. Tulad ng nabanggit na, puro nasa Filipino rin ang pantawag sa mga opisyal tulad ng "manggagawa," "boluntaryo," "ministro," at "tagapamahala." Nasa wikang Filipino rin ang kanilang opisyal na magasin, ang "Pasugo." Bukod rito, ayon kay Zeus Salazar (2000, 239-240), ang mga banyagang nais maging ministro ng INC sa kanilang sariling bansa

© YAMAN 2022

ay kinakailangang mag-aral ng Filipino dahil nasa wikang ito ang mga batayang kasulatan ng INC.

Dulot ng ganitong nasyonalistang imahe ng IFI at INC, naging mahigpit silang katunggali ng Protestantismo sa mga Pilipinong nagnanasa ng kalayaan.

Ang ikatlong maituturong salik ng pagiging ‘di-popular ng Protestantismo ay ang indibiduwalista nitong dulog sa ebanghelisasyon. Paliwanag ni Ed Lapiz (2010) sa aklat na *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity*, isa sa mga dahilan kung bakit mabilis na lumaganap ang Katolisismo ay dahil buong pamilya ang ineebanghelisa ng mga pari. Nagsisimula sila sa mga magulang, partikular sa tatay. Kapag naging Katoliko na ang tatay bilang padre de pamilya, madali nang naaakay sa Katolisismo ang asawang babae at ang mga anak. Sa pamamagitan nito ay buong pamilya ang nagiging Katoliko. Sa kabaliktaran, mga kabataan ang pangunahing tuon ng ebanghelisasyon ng mga Protestante. Kapag naging Protestante na ang kabataan, madalas ay nagkakaroon ng pagtatalo sa pamilya. Sa persepsyon ng ilang mga magulang, nagrerebelde ang kanilang mga anak. At dahil mas mahina ang impluwensya ng anak kaysa sa magulang, kadalasang hindi ito humahantong sa pagiging Protestante ng buong pamilya.

Ang ikaapat na maituturong dahilan ay ang kawalan ng tuon ng Amerikanong Protestantismo sa tema ng kapangyarihang espirituwal. Dahil sa kritika nito sa makulay na liturhiya ng Katolisismo (na iginigiit nilang mga anyo lamang ng pamahiin) at karanasan nito sa mga siyentipiko at pilosopikal na kontrobersya (hal. teorya ng ebolusyon), masyadong naging rasyunal at nakatuon sa proposisyunal na katotohanan ng Biblia ang Protestantismo. Sa pagnanasa nitong maiwasan ang mga pamahiin ng Katolisismo, masyado nitong kinalimutan ang diin ng Kristiyanismo sa aspektong supernatural/espirituwal (i.e. tema ng prinsipalidad at kapangyarihan). Ang Kristiyanismo ay parang naikahon na lamang sa mga ideya na mapatutunayan sa pamamagitan ng lohikal na argumento. Paliwanag ni Maggay (1993), taliwas ito sa kulturang Pilipino, na labis na nagpapahalaga sa tema ng kapangyarihang espirituwal (hal. pagpapahalaga sa kapangyarihang magpagaling ng babaylan bilang pinunong pangrelihiyon). Kaya hindi nakapagtataka na mas naging malapit ang puso ng mga Pilipino sa Katolisismo, na may diin din sa tema ng kapangyarihang espirituwal.

Sa kabila ng pangkalahatang kabiguan ng Protestantismo na lumaganap sa bansa kung ikukumpara sa Katolisismo – partikular na ang mga simbahang *mainstream* nito (hal. Presbyterian, Methodist, Baptist, atbp.) – mayroon namang naging pagsulong sa bansa ang kapatid nitong Ebanghelikalismo, na makikita sa mabilis na pagsulpot ng mga tinatawag na simbahang *Born-Again*, mga Ebanghelikal na indipendiente mula sa mga malalaking denominasyon. Isa sa maituturong dahilan ng paglaganap nito ay ang pagkakaugat sa komunidad. *House-churches* ang kadalasang anyo ng simbahan ng mga Kristiyanong ito, sa halip na malalaking gusali, kaya naman kadalasang magkakamag-anak at magkakakilala sa komunidad ang mga kasapi (kaya mas may hatak sa masa). Liban pa rito, taliwas sa mga

© YAMAN 2022

pangunahing sangay ng Protestantismo, mataas ang pagpapahalaga ng mga grupong ito sa tema ng kapangyarihang espirituwal (hal. diin sa mga tinatawag na "kaloob ng Banal na Espiritu" o *spiritual gifts*, at tuon sa *spiritual warfare)*, kaya mas naging malapit sa kulturang Pilipino.

**Mga Sanggunian:**

Clymer, Kenton J. 1980. "Religion and American Imperialism: Methodist Missionaries in the Philippine Islands, 1899-1913." *Pacific Historical Review* Tomo 49, Bilang 1 (Pebrero).

De los Reyes, Isabelo. 1948. "The Iglesia Filipina Independiente", *Historical Magazine of the Protestant Episcopal Church* Tomo 17, Bilang 2 (Hunyo).

Guanzon, Ma. Angeles C. 1977. "An Analysis of Religious Leadership in the Iglesia ni Kristo." Nasa *Filipino Religious Psychology*, pat., Leonardo Mercado. Tacloban City: Divine Word University Publications.

Lapiz, Ed. 2010. *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity*. Philippines, w.p.

Maggay, Melba Padilla. 1993. "The Indigenous Religious Consciousness: Some Implications for Theological Education." Nasa *Theological Education in the Philippine Context*, pat., Lee Wanak. Manila: Philippine Association of Bible and Theological Schools, at Mandaluyong: OMF Literature Inc.

Ocampo, Nilo S. 2011. *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal*. Quezon City: Bagong Kasaysayan.

Salazar, Zeus A. 2000. Tagapagsalin. *Manifesto ng Partido Komunista* nina Karl Marx at Friedrich Engels. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000.

Sitoy, T. Valentino. 1989. *Comity and Unity: Ardent Aspirations of Six Decades of Protestantism in the Philippines (1901-1961)*. Quezon City: National Council of Churches in the Philippines.

**Ilang Piling Batis ukol sa Protestantismo sa Pilipinas:**

Abejo, Raymund Arthur. 2016. "Relihiyon at Relasyong Panlabas: Gawaing Pangmisyon ng mga Koreanong Methodist at Presbyterian sa Pilipinas (1973-2000)." Philippine Social Sciences Review 68, No. 1: 1-48.

Aoanan, Melanio La Guardia. 1996. *Pagkakaisa at Pagbabago: Ang Patotoo ng United Church of Christ in the Philippines.* Quezon City: New Day Publishers.

Apilado, Mariano Casuga. 1999. *Revolutionary Spirituality: A Study of the Protestant Role in the American Colonial Rule of the Philippines, 1898-1928*. Quezon City: New Day Publishers.

Arceno, John Paul L. 2021. "A Southern Baptist Story in the Philippines: The Life and Ministry of Henry P. Silbor, 1938-2010." *TALA* Vol. 4, No. 1 (Hunyo): 46-77.

Clymer, Kenton J. 1978. "The Methodist Response to Philippine Nationalism, 1899-1916." *Church History* Vol. 47, No. 4 (Disyembre): 421-433.

© YAMAN 2022

Clymer, Kenton J. 1980. "The Limits of Comity: Presbyterian-Baptist Relations in the Philippines, 1900–1925." *Missiology: An International Review* Vol. VIII, No. 2 (Abril): 191-201.

Clymer, Kenton J. 1980. "The Episcopalian Missionary Encounter with Roman Catholicism in the Philippines, 1901-1916." *Philippine Studies* Vol. 28, No. 1 (First Quarter): 86-97.

Clymer, Kenton J. 1986. *Protestant Missionaries in the Philippines, 1898-1916: An Inquiry into the American Colonial Mentality*. Illinois: University of Illinois Press.

Clymer, Kenton J. 2004. "Protestant Missionaries and American Colonialism in the Philippines, 1899–1916: Attitudes, Perceptions, Involvement." Nasa *American Empire in the Pacific from Trade to Strategic Balance, 1700–1922*, pat., Arthur Power Dudden. London: Routledge.

Cunningham, Floyd T. 2003. "Diversities within Post-War Philippine Protestantism." *The Mediator* 5, 43-145.

Deats, Richard L. 1964. *The Story of Methodism in the Philippines.* Manila: National Council of Churches in the Philippines.

Dogue-is, Mary Jane L. 2013. "The Episcopal Church in the Philippines." Nasa The Wiley-Blackwell Companion to the Anglican Communion, mga pat., Ian S. Markham, J. Barney Hawkins IV, Justyn Terry, at Leslie Nuñez Steffensen, 341-343. United Kingdom: John Wiley & Sons, Ltd.

Esquejo, Kristoffer. 2020. "'Lawas kag Kalag:' Isang Pagsisiyasat sa Misyong Pangkalusugan ng American Baptist Missionary Union sa Capiz, 1903-1943." Nasa *Tambayayong: Ang Bayanihan Sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, pat., Vicente Villan at Faina Abaya-Ulindang, 153-170. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Gamboa, Jose Jr., Gamaliel T. de Armas, Jr., Roela Victoria Rivera, at Sharon Paz C. Hechanova. 2003. Mga Pat. *Methodism in the Philippines: A Century of Faith and Vision.* Manila: Philippines Central Conference of The United Methodist Church

Gardinier, David E. 2022. "Ecumenism Among Philippine Protestants, 1945-1963." *Philippine Studies* Vol. 50, No. 1 (First Quarter): 3-22.

Go, Raymundo. 2019. *The Philippine Council of Evangelical Churches: Its Background, Context, and Formation among Post-World War II Churches.* Carlisle, United Kingdom: Langham Monographs.

Halili, Servando D. Jr. 2011. "Protestant Missionary Work in Mindanao: A Short History of the Alliance Church in the Philippines." *The Mindanao Forum* Vol. 24, No. 1: 81-97.

Howell, Brian M. 2008. *Christianity in the Local Context: Southern Baptists in the Philippines.* New York: Palgrave Macmillan.

Howell, Brian M. 2009. "Moving Mountains: Protestant Christianity and the Spiritual Landscape of Northern Luzon." *Anthropological Forum* Vol. 19, No. 3 (Nobyembre): 253-269.

Jones, Arun W. 2002. "A View from the Mountains: Episcopal Missionary Depictions of the Igorot of Northern Luzon, The Philippines, 1903-1916." *Anglican and Episcopal History* Vol. 71, No. 3 (Setyembre): 380-410.

© YAMAN 2022

Jones, Arun W. 2013. "Pragmatic Anti-Imperialists? Episcopal Missionaries in the Philippines, 1933-1935." *Anglican and Episcopal History* Vol. 82, No. 1 (Marso): 1-28.
Kennedy, Elaine J. 1999. *Baptist Centennial History of the Philippines 1900-1999*. Makati City: Church Strengthening Ministry.
Kwantes, Anne C. 1989. *Presbyterian Missionaries in the Philippines: Conduits of Social Change (1899-1910)*. Quezon City: New Day Publishers.
Kwantes, Anne C. 1998. *A Century of Bible Christians in the Philippines*. Mandaluyong City: OMF Literature Inc.
Macdonald, Charles. 1992. "Protestant Missionaries and Palawan Natives: Dialogue, Conflict or Misunderstanding?" *Journal of the Anthropological Society of Oxford* Vol. 23, No. 2: 127-137.
Maggay, Melba Padilla. 2011. *A Clash of Cultures: Early American Protestant Missions and Filipino Religious Consciousness*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.
Oconer, Luther Jeremiah. 2006. "Holiness Revivalism in Early Philippine Methodism." *Methodist History* Vol. 44, No. 2 (Enero): 80-93.
Oconer, Luther Jeremiah. 2017. *Spirit-Filled Protestantism: Holiness-Pentecostal Revivals and the Making of Filipino Methodist Identity*. Eugene, Oregon: Pickwick Publications.
Pascual, Emelio S. 2003. "Presbyterian Protestantism in the City and Province of Cebu from 1901-1938." *The Journal of History* Vol. 49, No. 1-4.
Raymond, Joseph T. 2008. "Colonial Apostles: A Discourse on Syncretism and the Early American Protestant Missions in the Philippines." *Asia-Pacific Social Science Review* Vol. 8, No. 1.
Reilly, Michael C. 1976. "Charles Henry Brent: Philippine Missionary and Ecumenist." *Philippine Studies* Vol. 24, No. 3 (Third Quarter): 303-325.
Sitoy, T. Valentino Jr. 1985. *A History of Christianity in the Philippines, Volume 1, The Initial Encounter*. Quezon City: New Day Publishers.
Suarez, Oscar S. 1999. *Protestantism and Authoritarian Politics: The Politics of Repression and the Future of Ecumenical Witness in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers.
Toliver, Ralph. 1970. "Syncretism, A Specter among Philippine Protestants." *Practical Anthropology* Vol. 17, No. 5.
Uayan, Jean Uy. 2017. *A Study of the Emergence and Early Development of Selected Protestant Chinese Churches in the Philippines*. Carlisle, United Kingdom: Langham Monographs.
White, Chris. 2018. "'Aliens Ministering to Aliens': Reformed Church in America Missionaries among Chinese in the Philippines." *International Bulletin of Mission Research* Vol. 42, No. 3: 230-240.
Woods, L. Shelton. 1997. "Early American Missionaries in Ilocos." *Philippine Studies* Vol. 45, No. 3 (Third Quarter): 303-328.
Woods, L. Shelton. 2002. *A Broken Mirror: Protestant Fundamentalism in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers.
Youngblood, Robert L. 1980. "The Protestant Church in the Philippines' New Society." *Bulletin of Concerned Asian Scholars* Vol. 12, No. 3: 19-29.

© YAMAN 2022